Mahalaga ang Pangkaisipang Kalusugan

Naririto kami para tumulong

The Mental Health Department ay naglilingkod sa lahat ng tao, anuman ang gulang, na nagdaranas ng malalalang problema sa isip. Ang mga tauhan namin na propesyonal sa pangkaisipang kalusugan ay nag-aalok ng mga programa at mga serbisyo sa ilang wika at ginagalang nila ang kultura ng bawat tao.

The Mental Health Department – may binubuo na network ang Mental Health Department na mga programang palakad ng county at mga programang kontratado, at kasama nito ang paggamot sa mga pasyenteng di-nakaospital [*outpatient*] at pangangalagang pang-emergencia na nauukol sa pangakaisipang kalusugan, na sumasaklaw sa pansamantalang pagpapaospital para sa mga taong may malalang sakit sa isip.

Kung humina ang kagalingan ng buhay ninyo o ng isang mahal ninyo dahil sa sakit sa isip at patuloy ang pagdaranas ng alinman sa sumusunod na sintomas:

- Nakakaramdam ng labis na lungkot, ng kawalang-pag-asa, ng pagiging makasalanan, ng pagkamagalitin, ng di-mahimbing na tulog, o ng pagkahapo
- Nag-iisip tungkol sa kamatayan o sa pagkamatay
- Nahihirapang kontrolin ang mga mood o damdamin ninyo, o ang biglang pag-iba ng mood [*mood swings*]
- Nakakakita at nakakarinig ng mga mapanghimasok na pangitain, tunog, o boses na hindi nakikita o naririnig ng iba, o labis-labis na nanghihinala sa iba
- Nagdaranas ng mga *panic attack* at sobrang takot at pag-aalala na hindi ninyo makontrol
- Hindi kayang mamahala sa sariling mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, tirahan, at pag-aalaga sa sarili, dahil sa sakit sa isip

Mangyaring tawagan kami sa 1-800-704-0900.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo, benepisyo, at autorisasyon ukol sa pangkaisipang kalusugan, 1-800-704-0900

Mga Serbisyong Inaalok na Nauukol sa Pangkaisipang Kalusugan

Mga Serbisyong Nauukol sa Pangkaisipang Kalusugan

- Salig-komunidad na Pamamahala ng Pasyenteng Di-nakaospital at ng Kaso [*Community Outpatient and Case Management*]
- Pang-araw na Paggamot at Rehabilitasyon [*Day Treatment and Rehabilitation*]
- Mga Serbisyong Nauukol sa Psychiatry Para sa Malala ang Sakit, Pang-emergency at Pampasyenteng Nakaospital [*Acute Psychiatric, Emergency and Inpatient Services*]
- Paggamot sa Crisis at Paggamot sa loob ng Pansamantalang Pamahayan [*Crisis and Transitional Residential Treatment*]
- Katarungang Pangkrimen Para sa Kabataan at sa Adulto [*Juvenile and Adult Criminal Justice]*
- Mga Karapatan ng Pasyente at Pagtaguyod [*Patient Rights and Advocacy*]
- Mga Serbisyong Nauukol sa Trabaho
- Salig-komunidad na Pamahayan at Sinusuportahang Pabahay

Mga Serbisyong Pampamilya at Pangkabataan

Ang sistema ng Pangangalagang Pampamilya at Pangkabataan ay naglilingkod sa mga bata at mga binatilyo't dalagita at sa mga pamilya nila na nagdaranas ng sobrang kahirapan sa damdamin. Inaasikaso namin ang kanilang mga pangangailangang nauukol sa pangkaisipang kalusugan sa pamamaraang pinakakaunting restriksyon, at pinakakatulad ng pamilya hangga't maaari.

Mga Serbisyong Pang-Adulto at Pang-Nakatatandang Adulto

Ang Sistema ng Pangangalagang Pang-Adulto at Pang-Nakatatandang Adulto ay nagkakaloob ng iba't ibang serbisyo at alalay na salig-komunidad pati mga programa para sa may malubhang sakit sa isip.

Hotline Para sa Nag-iisip na Magpakamatay at Nagdaranas ng Crisis

Ang Mental Health Department ay may Hotline para sa Nag-iisip na Magpakamatay at Nagdaranas ng Crisis [*Suicide & Crisis Hotline*] na natatawagan nang 24-oras na nagkakaloob ng interbensiyon (intervention) sa telepono at alalay na pandamdamin sa mga taong nagdarans ng crisis. Mga boluntaryong counselor na may lubos na pagsasanay ang tumutulong sa mga taong nag-iisip na magpakamatay, nagdaranas ng kahirapan, o nangangailangan lang ng taong makausap at makikinig. Para makausap sa isang makakatulong (crisis counselor), tumawag sa:

1-855-278-4204

Mga Pang-emergency na Serbisyong Nauukol sa Psychiatry

Ipinagkakaloob ang mga Pang-emergency na Serbisyong Nauukol sa Psychiatry [*Emergency Psychiatric Services* (EPS)] at ang pangangalaga sa pasyenteng nakaospital [*inpatient*] nang 24-oras sa bawat araw. Kasama sa mga serbisyo ang pagsuri, pag-assess, paggamot at pagtingin nang mabuti at pagsangguni sa nararapat na pangangalaga kasama ang pagpasok sa isang ospital kapag kinailangan.

Mangyaring tumawag sa:

408-885-6100

Kailangang-kailangang Pangangalagang Nauukol sa Pangkaisipang Kalusugan

Ang MHUC ay isang klinika kung saan maaaring basta pumasok ang pasyenteng hindi nakaospital at magpatingin [*walk–in outpatient clinic*] para sa mga residente ng Santa Clara County na nagdaranas ng crisis na may-kinalaman sa pangkaisipang kalusugan. Ito ay magbigay ng iskrining (screening), pagsuri (assessment), interbensiyon (crisis intervention), pagsangguni at pangmaikling-panahon na paggamot para sa mga binatilyo't dalagita at mga adulto.

Mangyaring tumawag sa:

408-885-7855